

Nawalan ng trabaho, may sakit, o walang trabaho dahil sa Coronavirus?

Daan-daang libong taga-Washington ang nawalan ng trabaho, may sakit, o walang trabaho dahil sa pagkalat ng Coronavirus (COVID-19). May available na tulong para sa iyo at sa pamilya mo sa krisis na ito, kasama na ang mga benepisyo ng kawalan ng trabaho na pinoproseso ng Washington's Employment Security Department (ESD). Patuloy na magbasa para malaman kung kwalipikado ka at kung paano mag-a-apply para sa mga benepisyo.

Ano ang mga benepisyo ng kawalan ng trabaho?

Ang mga benepisyo ng kawalan ng trabaho ay nagbibigay sa iyo ng pansamantalang kita kapag nawalan ka ng trabaho na hindi mo naman kasalanan. Ang pera, mula sa mga buwis na binayaran ng dati mong (mga) amo, ay bahagyang papalit sa mga nawala mong kita at tutulong sa iyong bayaran ang mga gastusin habang naghahanap ka ng bagong trabaho.

Kwalipikado ba ako para sa mga benepisyo ng kawalan ng trabaho?

Mas madali na ngayon ang pagiging kwalipikado dahil sa mga pagbabago sa estado at pederal mula nang kumalat ang virus. Mas maraming benepisyo ang available sa mas marami pang tao, kasama na ang mga taong nagtatrabaho nang part-time, self-employed, o mga independent na kontraktor o mga nabawasan ng oras sa pagtatrabaho o may sakit. Gamitin ang checklist na ito para malaman kung kwalipikado ka:

- Nagtrabaho ka ba ng hindi bababa sa 680 oras sa iyong “batayang taon?” Ang iyong batayang taon ay ang unang apat sa huling limang nakumpletong quarter sa kalendaryo bago ang linggo kung kailan ka nag-apply para sa mga benepisyo.
- Nagtrabaho ka ba sa estado ng Washington nang ilang panahon sa nakalipas na 18 buwan?
- Kaya mo bang magtrabaho? Kapag sinabing kayang magtrabaho, ibig sabihin, kaya ng iyong mental at pisikal na katawan na magtrabaho.
- Available ka bang magtrabaho? Kapag sinabing available na magtrabaho, ibig sabihin, makakapagtrabaho ka nang walang paghihigpit na pipigil sa iyong tumanggap ng trabaho (halimbawa: mga isyu sa transportasyon, pagkakasakit, mga bakasyon, o kakulangan sa pangangalaga sa pamilya/bata).
- Inalis ka ba dahil wala nang trabaho (laid off)?
- Nagbitiw ka ba sa iyong trabaho?
- Pinaalis ka ba mula sa militar sa nakalipas na 18 buwan?

Kung ang sagot mo ay **Oo** sa *KARAMIHAN* sa mga tanong na ito, malamang na maging kwalipikado ka para sa regular na mga benepisyo ng kawalan ng trabaho. Mag-apply para sa

mga benepisyo sa lalong madaling panahon at susuriin ng ESD ang iyong aplikasyon at magpapasya ito kung kwalipikado ka.

Kung ang sagot mo ay **Hindi** sa *KARAMIHAN* sa mga tanong na ito, maaaring hindi ka maging kwalipikado para sa mga regular na benepisyo pero maaaring maging kwalipikado ka para sa mga pinalawak na benepisyo sa ilalim ng CARES Act ng pederal sa panahon ng COVID-19 pandemic. Gamitin ang checklist na ito para malaman kung kwalipikado ka:

- Wala ka bang trabaho o nagtatrabaho nang mas kaunti kaysa karaniwan dahil sa COVID-19?
- Tinanggihan ka ba kamakailan para sa kawalan ng trabaho dahil hindi ka nakapagtrabaho ng 680 oras?
- Nagtrabaho ka ba, pero nagtrabaho ka nang wala pang 680 oras sa Washington sa nakalipas na 18 buwan?
- Na-diagnose ka bang may COVID-19, may malalang sakit, at hindi makapagtrabaho?
- Nagpapakita ka ba ng mga sintomas ng COVID-19 at naghihintay ka ng mga resulta ng isang pagsusuri o naghahanap ka ng medikal na atensyon?
- Delikado ka bang matamaan AT sinabihan ka ng isang medikal na provider na manatili sa bahay?
- Nag-aalaga ka ba ng isang miyembro ng pamilya o isang nakadepende sa iyo na may COVID-19?
- Mayroon ka bang miyembro ng pamilya o isang nakadepende sa iyo na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19 at nangangailangan ng medikal na atensyon?
- Mayroon ka bang miyembro ng pamilya o isang nakadepende sa iyo na delikadong matamaan, naninirahang kasama mo, at nananatili sa bahay para sa kanyang proteksyon?
- Nag-aalaga ka ba ng taong delikadong matamaan at pinayuhang manatili sa bahay para sa kanyang proteksyon?
- Nagsara ba ang paaralan ng iyong anak at hindi ka makahanap ng tagapag-alaga ng bata?
- Nagsara ba ang lugar na pinagtatrabahuhan mo dahil sa isang opisyal na utos o isang kaso ng COVID-19, at hindi ka makapagtrabaho mula sa bahay?
- Self-employed ka ba?

Kung Oo ang sagot mo sa ALINMAN sa mga tanong sa itaas, malamang na maging kwalipikado ka para sa mga benepisyo ng kawalan ng trabaho sa panahon ng COVID-19 pandemic.

HINDI ka kwalipikado kung nalalapat sa iyo ang mga sumusunod na pahayag:

Nagbitiw ako sa aking trabaho dahil sa mga bagay na walang kaugnayan sa COVID-19.

Nagbitiw ako sa aking trabaho para makakuha ng mga benepisyo ng kawalan ng trabaho.

Kasalukuyan akong lumiban para sa bakasyon, pagkakasakit, o bayad na pahinga.

Puwede akong magtrabaho sa bahay pero pinipili kong huwag gawin ito.

Isa akong mahalagang manggagawa, hindi delikadong matamaan, at *natutugunan ng lugar na pinagtatrabahuhan ko ang mga kinakailangan para sa aking kaligtasan*, pero masyado akong takot na magtrabaho

Kung hindi ka pa rin sigurado sa iyong pagiging kwalipikado, mag-apply ka lang basta. Kumpletuhin ang aplikasyon sa abot ng makakaya mo at makikipag-ugnayan kami sa iyo sa lalong madaling panahon.

Paano ako makakapag-apply?

May dalawang paraan para makapag-apply: online o sa pamamagitan ng telepono. Ang website na (esd.wa.gov) ay ang pinakamabilis na paraan para makapag-apply at makatanggap ng mga benepisyong gamit ang isang desktop o laptop na computer. Puwede ka ring gumamit ng mobile device, pero mas mahirap na mag-navigate dito. Available lang ang online na aplikasyon sa English at Spanish. Para sa tulong sa iba pang wika, mag-apply sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-318-6022.

Masyadong marami ang natatanggap na tawag sa ngayon, kaya baka mahirapan kang tumawag sa panahon ng mga karaniwang oras ng negosyo. Mas malaki ang pagkakataon mong makapag-apply sa pamamagitan ng telepono kung tatawag ka pagkatapos ng 6 p.m. at bago ang 7 a.m. Kung naantala ka sa pag-a-apply, gusto naming ipaalam sa iyong matatanggap mo ang lahat ng bayad na dapat mong matanggap, simula sa petsa kung kailan ka naging kwalipikado.

Bago ka magsimulang mag-apply, tiyaking taglay mo ang mga sumusunod na impormasyon:

- Social Security number
- Petsa ng kapanganakan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan
- Ang kumpletong kasaysayan ng iyong trabaho sa nakalipas na 18 buwan kasama ang: (mga) pangalan ng employer, (mga) address, (mga) numero ng telepono, mga petsa ng pagsisimula at pagtatapos ng trabaho para sa bawat employer.
- Ang iyong bank account at routing number, kung gusto mong mag-sign up para sa direktang pagdeposito

Pagkatapos mong mag-apply, aabisuhan ka ng ESD kung naaprubahan ang iyong aplikasyon at ipapaalam sa iyo kung magkano ang matatanggap mong pera at kung ano ang susunod na gagawin. Maabisuhan ka rin kung hindi ka naaprubahan. **Iba pang mahalagang impormasyon.**

- Isumite ang iyong lingguhang pagkuha. DAPAT kang magsumite ng lingguhang pagkuha para sa bawat linggo na gusto mong makatanggap ng mga benepisyong. Sinasaklaw ng lingguhang pagkuha ang naunang linggo. Para sa kawalan ng trabaho, ang isang linggo ay mula Linggo hanggang Sabado. Hindi mo puwedeng kunin ang para sa isang linggo hanggang sa matapos ito.
- Mag-ulat nang tapat.
- Abangan at basahin ang anumang impormasyong ipapadala namin sa iyo. Kung pipiliin mong makatanggap ng impormasyon sa pamamagitan ng eServices, padadalhan ka

namin ng email kapag may bagong impormasyong nangangailangan ng iyong atensyon. Maaaring may limitasyon sa oras ang impormasyong ito at puwede nitong maapektuhan ang pagiging kwalipikado mo para sa mga benepisyo.

- Mag-sign up para sa direktang pagdeposito o isang debit card para matanggap ang iyong mga lingguhang benepisyo nang mas mabilis at mas ligtas.
- Simulan ang iyong opsyonal na paghahanap ng trabaho.

Isa akong manggagawa na walang dokumento. Magiging kwalipikado ba ako para sa tulong?

Mayroon ka dapat pahintulot na magtrabaho sa U.S. para maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng kawalan ng trabaho at pinalawak na mga benepisyo ng kawalan ng trabaho. Gayunpaman, hindi isinasaalang-alang ang status ng imigrasyon para sa pagiging kwalipikado sa Paid Family and Medical Leave program ng estado. Kaya, kung malala ang sakit mo o nag-aalalaga ka ng isang taong may malalang sakit, maaaring makatulong ang programang ito. Matuto pa sa paidleave.wa.gov o tometiempo.org.

Bukod pa rito, ginawa ang **Disaster Cash Assistance Program** para tulungan ang mga tao sa panahon ng mga kalamidad. Available ito sa mga residente ng Washington anuman ang status ng pagkamamamayan. Tumawag sa 877-501-2233 para mag-apply. Available ang pag-i-interpret sa telepono. Puwede ring mag-apply online ang mga tao sa WashingtonConnection.org (sa English at Spanish).

Ang pagtanggap ba ng benepisyo ng kawalan ng trabaho o benepisyo ng Paid Family and Medical Leave ay magiging banta sa kakayahan kong mag-apply para sa berdeng card o pagkamamamayan sa ilalim ng mga bagong panuntunan sa public charge?

Hindi. Hindi kasama ang mga benepisyo ng Unemployment Insurance at Paid Family and Medical Leave sa pagtukoy ng public charge.

Kailan ako makakatanggap ng tulong?

Mas mataas ang demand para sa benepisyo ng kawalan ng trabaho ngayon kaysa sa anumang naranasan namin noon, at nagsusumikap nang lubos ang team sa Employment Security Department para mapabilis ang oras ng pagpoproseso para sa iyo. Heto ang pinakamahalagang balita: **matatanggap mo ang lahat ng bayad na dapat naibigay sa iyo, simula sa petsa kung kailan ka naging kwalipikado.** Ibig sabihin nito, kung hindi ka nakapag-apply dahil hindi mo makaugnayan ang departamento, ibabalik sa iyo ang bayad para sa mga panahong hindi ka nabayaran.

Paano kung may sakit ako o nag-aalalaga ng may sakit na mahal sa buhay?

Maaaring maging kwalipikado ka para sa kawalan ng trabaho kung may COVID-19 ka. Matuto pa sa esd.wa.gov/unemployment. Maaaring maging kwalipikado ka rin para sa Paid Family and Medical Leave – isa pang programa ng ESD na nagbibigay ng bayad na pagliban kapag kailangan mong alagaan ang iyong sarili o ang isang mahal sa buhay na may seryosong kundisyon sa

kalusugan at kung kailangan mong makasama ang isang bagong anak sa tahanan. Matuto pa sa paidleave.wa.gov.

Mga paraan para makipag-ugnayan sa Employment Security

Sa panahon ng mga oras ng negosyo, puwedeng sumagot sa chat ang mga live na operator sa website ng WorkSource. Puwede nilang sagutin ang mga pangunahing tanong tungkol sa kawalan ng trabaho, pero **hindi nila maa-access ang iyong impormasyon sa pagkuha ng mga benepisyo ng kawalan ng trabaho.**

[Mag-chat na ngayon sa website ng WorkSource](#)

Para sa mga pangakalahatang tanong: 833-572-8400

- Bukas 7 a.m. hanggang 4 p.m.
- Kung paano gumagana ang kawalan ng trabaho
- Mga tanong tungkol sa aplikasyon
- Paghahanap ng impormasyon online
- Available ang mga ahente

Para sa mga pagkuha ng benepisyo ng kawalan ng trabaho: 800-318-6022

- Mag-apply para sa mga benepisyo 7 a.m. hanggang 4 p.m. Lunes - Sabado (kadalasan ay naka-automate na system)
- Isumite ang iyong lingguhang pagkuha 12:01 a.m. Linggo hanggang 4 p.m. Sabado (naka-automate na system)
- Hindi available ang mga ahente
- Pinakamababa ang trapiko nang 11 p.m. hanggang 6 a.m.